# MGA REQUIREMENT SA HAZARDOUS WASTE PARA SA
# LARGE QUANTITY GENERATORS (LQGs)




Kung kayo ay isang LQG ng hazardous waste, kailangan ninyong sumunod sa kumpletong set ng mga pederal na regulasyon para sa hazardous waste generator. Kayo ay makokonsidera bilang isang LQG kung nakakagawa kayo ng higit sa 1,000 kg (2,200 lbs) ng non-acute hazardous waste o higit sa 1 kg (2.2 lbs) ng acute hazardous waste kada buwan na batay sa kalendaryo. Para makatulong sa inyong negosyo na matutunan ang tungkol sa mga kahilingan na ito, ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay naghanda nitong buod na fact sheet.

**Ito ay isang buod at hindi kasama ang lahat ng mga kahilingan ng LQG.**

Para sa mas detalyadong talakayan ng ilan sa mga isyu na ito, maaari kayong sumangguni sa hazardous waste generator website ng EPA (www.epa.gov/hwgenerators). Siguraduhing tiyakin rin sa hazardous waste agency ng inyong estado, dahil sa ilang mga esatdo ay may karagdagan o mas maraming mahihigpit na kahilingan kaysa sa pederal na gobyerno.

## IPagkikilala sa Hazardous Waste na Naiipon Ninyo

40 CFR 262.11 at Part 268

Sa punto ng generation, bago ang dilution o paghahalo, kailangan ninyong malaman kung may anumang solid waste na nalikha ninyo ang mapanganib para mapamahalaan, maulat, at masubaybayan ninyo ang mga ito nang maayos. Mahalagang maging tama kapag nagpapasya tungkol sa hazardous waste. Ang mga hazardous waste ay maaaring:

- **Listed wastes.** Ang mga waste na ito ay lalabas sa isa sa apat naming mga list na naka-publish sa 40 CFR Part 261 Subpart D.
- **Characteristic wastes.** Ang ilang mga waste ay makokonsiderang hazardous kung ang mga ito ay lumiliyab, nangangalawang, reactive, o toxic (basahin ang 40 CFR Part 261 Subpart C).

Para matiyak kung ang inyong mga waste ay may tiyak na katangian, maaari ninyong gamitin ang naaprubahan ng EPA na mga pamamaraan ng pagsusuri o gamitin ang inyong kaalaman sa waste. Para matiyak kung ang inyong mga waste ay nakalista bilang hazardous waste, kailangan ninyong gamitin ang inyong kaalaman sa waste. Kung ang waste ay itapon sa lupa, kailangan ninyong alamin kung ang inyong waste ay nagpapakita ng anumang mga katangian, kahit na nakalistang mga waste ang mga ito. Sa ilalim ng Land Disposal Restrictions (LDRs), ang karamihang mga hazardous waste ay di maaaring itapon sa lupa hangga't nakakatugon ang mga ito sa mga "pamantayan sa paggagamot". Responsibilidad ninyo na tiyakin na ang inyong mga waste ay ginagamot ayon sa mga standard na ito.

Tandaan na itabi ang inyong mga rekord sa pagtitiyak ng mga waste sa inyong mga file.

### Ano ang Katanggap-tanggap na Kaalaman sa Pagpapasya tungkol sa Hazardous Waste?

Kabilang sa mga katanggap-tanggap na kaalaman ang::

- Pinagmulan ng waste.
- Komposisyon.
- Kaalaman sa proseso (hal. impormasyon tungkol sa mga chemical feedstock at iba pang mga input sa proseso ng produksyon).
- Kaalaman sa mga produkto, mga by-product, at mga intermediate na ginawa ayon sa proseso ng manufacturing.
- Chemical o physical na katangian ng mga waste.
- Impormasyon sa chemical at physical na property ng mga chemical na ginamit o nalikha sa proseso o dili kaya'y nilalaman ng waste.
- Pagsusuri na nagpapakita sa mga katangian ng waste.
- Iba pang mga maaasahan at mahahalagang impormasyon tungkol sa mga katangian ng waste o ng mga bahagi nito.

## Pagpapasya sa Kategorya ng Inyong Generator

40 CFR 262.10(b) at 262.13

Kung hindi kayo sigurado na kayo ay isang LQG, kailangan ninyong bilangin ang dami ng hazardous waste na nalilikha ninyo kada buwan ng kalendaryo. Tiyakin na bilangin ang mga waste na:

- Naipon sa site sa anumang oras bago itapon o i-recycle.
- Nilagay nang direkta sa isang on-site treatment o disposal unit.
- Nalikha bialng mga still bottom o sludges at naalis mula sa product storage tanks.

## Pagtatamo ng Identification Number para sa EPA

40 CFR 262.18

Ang mga LQG ay dapat mayroong EPA identification (EPA ID) number para sa bawat site na gumagawa ng hazardous waste.

Para makuha ang EPA ID number, kailangan ninyong kumpletuhin at mag-sumite ng EPA Form 8700-12 Notification of Regulated Waste Activity, na kilala rin bilang Site ID Form. Para sa karagdagang impormasyon sa pagsusumite ng form na ito sa estado ninyo, hanapin ang hazardous waste page ng environmental agency sa inyong estado o makipag-ugnayan sa inyong state contact na matatagpuan sa pahinang ito: https://rcrainfo epa.gov/rcrainfoprod/action/public/public-site/state- contacts. Para sa www epa.gov/hwgenerators/how-hazardous-waste-generators- transporters-and-treatment-storage-and-disposal.

Sa sandaling nakapag-sumite na kayo ng form at naaprubahan ito, magtatalaga sa inyo ng isang EPA ID number para sa tiyak na lokasyon an iyon.

## Pamamahala ng Hazardous Waste sa Site

40 CFR 262.17

Ang LQG ay maaaring maka-ipon ng anumang bilang ng hazardous waste sa mga container, tangke, drip pads, at containment building nang hanggang 90 araw nang walang RCRA na permiso, sa kondisyon na nakakatugon kayo sa mga technical na pamantayan para sa containment unit.

Ang mga LQG ay nakakatugon sa lahat ng mga technical na pamantayan para sa pag-iimbak ng hazardous waste ay maaari rin magsagawa ng non-thermal na paggagamot sa waste sa mga accumulation unit nang hindi kumukuha ng RCRA na permiso. Dapat na malinaw na markahan ng mga generator ang petsa nang magsimula ang pag-iimbak para sa bawat accumulation unit na nagtatabi ng hazardous waste para makita ito sa pag-inspeksyon. Ang accumulation units ay maaari rin markahan ng mga salitang "Hazardous Waste" at isang hudyat ng kalikasan ng hazard (hal. gamit ang mga salitang ignitable (nagdidingas o lumiliyab), corrosive (nangangalawang), toxic, o reactive o iba pang kilala sa bansa na mga hazard label).


### Mga Halimbawa ng Kinikilala sa bansa na Mga Hazard Label




**Ignitable Liquid**
Department of Transportation (DOT) warning label o placard



**Toxic Substance**
Occupational Safety and Health Administration pictogram




**Reactive Liquid**
National Fire Protection Association hazard identification system

Ang mga LQG ay responsabile rin sa pagsusunod sa mga kahilingan para sa "paghahanada sa isang emergency at pag-iiwas" Ang LQG ay dapat maghanda ng nakasulat na plano sa di inaasahang pangyayari, magsagawa ng mga pag-aayos sa lokal na emergency responder, at mga empleyado ng train sa pamamahala sa hazardous waste at pagtutugon sa emergency.

Kung ang inyong pasilidad ay nakapag-ipon ng mga waste ng higit sa 90 araw, ito ay makokonsidera na isang storage facility at dapat sumunod sa mga regulasyon na inilarawan sa 40 CFR Parts 264/265 at 270, maliban na lang kung binigyan kayo ng extension ng inyong EPA Regional Administrator.

## Paghahanda sa Hazardous Waste para sa Pag-ship Off Site

40 CFR 262.30–262.33

Kailangan ninyong ipakete, lagyan ng etiketa, at markahan ang inyong mga waste container, at placard ng mga sasakyan na may dala ng mga waste ayon sa mga kahilingan ng DOT Hazardous Materials Transportation Act requirements (49 CFR Parts 172, 173, 178, at 179). Ang mga handler ng commercial waste ay maaaring magpayo sa inyo tungkol sa mga wastog pamamaraan, pero nananatili pa rin kayong may pananagutan sa pagsunod dito.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa DOT Hazardous Materials Information Line sa 202 366-4488.

Ang mga container ay dapat may etiketa rin ng lahat ng naaangkop na mga RCRA waste code bago ang shipment. Ang mga alternatibong system tulad ng barcoding o radio frequency identification ay tatanggapin rin, basta't makikilala ng mga ito ang mga waste na nilalaman sa mga tiyak na container.

## Paggamit ng Manifest

40 CFR 262.20–262.27

Isang Uniform Hazardous Waste Manifest (EPA Form 8700-22) ay dapat sumunod sa lahat ng mga hazardous waste na na-ship papalabas mula sa site. Ang manifest ay isang maraming parte na form na nilikha para masubaybayan ang hazardous waste mula sa oras na umalis ito mula sa generation site hangga't umabot ito sa treatment, storage, at disposal facility (TSDF) na tinukoy sa manifest. Ang manifest ay makakatulong sa inyong masubaybayan ang inyong waste habang may shipment at tinitiyak na ito ay makakarating sa wastong destinasyon. Ang transporter at ang pinahihintulutang facility na gumagamot o nagtatapon ng inyong waste ay dapat lumagda sa manifest at magpadala ng kopya pabalik sa inyo.

Ang lahat ng mga generator ay may opsyon ngayon na lumikha at mag-sumite ng kanilang Uniform Hazardous Waste Manifests sa electronic na paraan gamit ang e-Manifest systen, isang mas mura at mas mabilis na alternatibo sa de papel na form. Ang electronic manifest system ay available na ngayon sa lahat ng mga estado, territory, at Indian Country. May lubos pa kayong impormasyong makukuha tungkol sa e-Manifest at magparehistro kung paano ito gamitin sa www.epa.gov/e-manifest.




## Pag-uulat

40 CFR 262.41–262.43

### Biennial Reporting (Pag-uulat tuwing Dalawang Taon)

Kayo ay may pananagutan sa pagsu-sumite ng Biennial Report sa inyong estado o sa EPA Regional Office. Ang mga ulat na naisumite para sa mga waste na nalikha at na-ship papalabas sa site ay dapat makasama ang inyong EPA ID number at anumang iba pang impormasyon tungkol sa inyong mga hazardous waste na aktibidad na hinihiling sa form, tulad ng paglalarawan at dami ng waste at kung saan ito ipinadala. Maaaring hilingin sa ilang mga estado na mag-ulat kayo taon-taon. Ang mga ulat na ito ay magbibigay sa EPA na mas mabuting pag-uunawa sa mga pambansang paglilikha ng hazardous waste at mga aktibidad sa pagtatapon at dami ng mga ito.

Kung nag-uulat lang kayo ng hazardous waste, hindi hihilingin sa inyo na mag-sumite ng isang Biennial Report. Gayunman, kailangan ninyong mag-sumite ng isang taunang ulat (40 CFR 262.83).

### May Eksepsyon na Pag-uulat

Kung hindi kayo makatanggap ng nilagdaang manifest mula sa panghuling facility ng destinasyon para sa inyong hazardous waste:

- Makalipas ang 35 araw, kailangan ninyong subukan na hanapin ang hazardous waste sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pinahihintulutang pasilidad.
- Makalipas ang 45 araw, kung hindi matagpuan ang manifest, kailangan ninyong mag-sumite ng sa inyong estado o EPA Regional Office ng isang Exception Report na naglalaman ng kopya ng original manifest at may cover letter na naglalarawan sa inyong mga pagsisikap para matagpuan ang shipment at mga resulta ng inyong mga pagsisikap.

## Pagtatabi ng mga Rekord

40 CFR 262.40

Tiyakin na itabi ang mga sumusunod na rekord sa pasilidad ng hindi mas kakaunti sa tatlong taon: mga nilagdaang manifest; biennial at exception report; waste determination documentation tulad ng mga resulta ng pagsusuri o generator knowledge; at waste analyses. Ang 3 taon na takdang panahon ay awtomatikong ma-extend sa itatagal ng anumang di nalutas na mga kilos sa pagpapatupad.

## Pagsusunod sa mga Restriksyon sa Pagtatapon sa Lupa

40 CFR Part 268

Ang mga waste ay dapat makatugon sa ilang mga pamantayan sa paggagamot bago itapon ito sa lupa. Kapag dinala ninyo ang inyong waste sa isang treatment facility, kailangan ninyong magpadala ng isang abiso na nagsasabi sa facility na ang waste ay hindi pa nakakatugon sa mga treatment standard sa paggagamot. Ang abiso ay dapat maglaman ng sapat na impormasyon tungkol sa waste at sa naaangkop na mga standard para matiyak ng facility na natutugunan ang mga naaangkop na standard bago itapon ang mga ito. Kailangan ang certification sa ilang mga situwasyon. Maaari kayong makipag-ugnayan sa agency sa inyong estado o sa EPA Regional office para makatulong sa mga kahilingan sa abiso at certification. Kung gamutin ninyo ang inyong waste sa site, kailangan ninyong magtabi ng isang waste analysis plan. Basahin ang website ng EPA para sa karagdagang impormasyon: www.epa.gov/hw/land- disposal-restrictions-hazardous-waste.

## Mga Kahilingan para sa Export/Import

40 CFR Part 262 Subpart H

Kung piliin ninyong i-export ang inyong hazardous waste, kailangan ninyong sabihin sa EPA ng kahit man lang 60 araw bago ang nilalayong petsa ng shipment para makahiling ng pahintulot na mag-export.

Ang export ay ipinagbabawal hangga't makatanggap kayo ng "Acknowledgement of Consent" na sulat ng EPA na nagsasadokumento ng pahintulot mula sa bansa ng pag-import at anumang mga bansa ng transit. Para sa karagdagang impormasyon kung paano makakuha ng pahintulot para makapag-export ng hazardous waste at makasunod sa mga karagdagang kahilingan para sa pag-export ng hazardous waste, mangyari lang magpunta sa www.epa.gov/hwgenerators/information-exporters-resource-conservation-and-recovery-act-rcra- hazardous-waste.

Ang mga importer ng hazardous waste ay dapat may EPA ID number at may pananagutan sa pagsusunod sa lahat ng mga generator requirement sa 40 CFR Part 262 Subparts A–D at F, maliban doon sa may kaugnayan sa aktuwal na pag-iimbak sa site (basahin ang 40 CFR 262.17), dahil ang hazardous waste import na mga shipment ay nasa transit na kapag pumasok sial sa bansa. Ang mga importer ng hazardous waste ay dapat rin sumunod sa tiyak sa import na generator na mga kahilingan sa 40 CFR Part 262 Subpart H. Ang mga importer ng hazardous waste ay dapat mga mamamayan ng Estados Undios at dapat mapatotohanan na ang shipment ay nakaka-alinsunod sa lahat ng mga naaangkop na tuntunin sa ilalim ng Toxic Substances Control Act (TSCA). Para sa karagdagang impormasyon sa TSCA, tumawag sa TSCA Assistance Hotline ng EPA sa 202 554-1404. Ang mga pasilidad ng Estados Unidos na nakakatanggap ng na-import na hazardous waste para sa ma-recycle o matapon ay dapat sumunod sa tiyak sa import na RCRA hazardous waste manifext at mga kahilingan para sa international movement document tracking sa 40 CFR Part 262 Subpart H at 40 CFR Part 264/265. Para sa karagdagang impormasyon kung paano makakasunod sa mga kahilingan sa pag-import ng hazardous waste, mangyari lang magpunta sa www.epa.gov/hwgenerators/information-importers-and- receiving-facilities-resource-conservation-and-recovery-act#SummaryImport.

Hulyo 2020
EPA 530-F-20-002